THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Oras na Hiram

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Disyembre 8, 2021

Ang oras na hiram ay tumutukoy sa oras na binigay ng Diyos sa atin. Bawat gising ay biyayang mula sa Diyos dahil pinahahaba Niya ang ating oras para magawa ang Kanyang magagandang plano sa atin. Dagdag pa nito, gusto Niyang magkaroon tayo ng bunga, at matiyaga Siyang naghihintay sa ating pagtugon (Lk. 13:6-9). Gayunpaman, dapat magpasalamat tayo, maski ang buhay ay punong-puno ng mga pagsubok. Gamitin natin ang ating oras nang maayos para magkaroon ng bungang katanggap-tanggap sa Diyos.

**1. Mahalaga ang ating oras.** Limitado ang ating oras at may nakatakda lamang na 24 na oras at 7 araw sa isang linggo. Hindi naiisip ng ibang tao na maikli lamang ang buhay at panandalian lamang. Bilang Kristyano, alam natin na ang buhay ay hiram sa Diyos, at darating ang araw babawiin Niya ito sa atin. Kaya, huwag tayong magpabukas-bukas, at gamitin ang regalong oras para mabuhay ayon sa kalooban ng Diyos.

**2.Maawain at mahabagin ang Diyos.** Karamihan sa atin ay nagkasala sa Diyos, at nasayang ang ating oras sa mga makamundong bagay. Ang ating mundo ay nakalaan sa Araw ng Paghuhukom at nagpaparusa sa masasama sa oras na itinakda ng Diyos (2Pt.3:7); gayunpaman, binibigyan Niya tayo ng pagkakataong magsisi at magbalik-loob sa Diyos, sapagkat hindi Niya nais na tayo'y mapahamak (2Pt.3:9).

**3. Huwag binbinin ang pagbabalik-loob kay Cristo.** Karamihan sa atin ay nabuhay na parang mahaba pa ang ating panahon para makipagkasundo kay Cristo. Nakapokus tayo sa maraming bagay, ngunit nakalimutan natin na ang ating buhay at oras ay pag-aari ng Diyos (Santiago 4:15).

**4. Ano ang pinakamatalinong paraan ng paggamit sa ating oras?**

4.1 Maniwala at magtiwala kay Cristo (Jn. 6:28-29).
4.2 Magdasal at makipag-ugnayan sa Diyos.
4.3 Gumawa para sa Diyos (Mt.25:14-30).
Nagbibigay ng iba't ibang korona sa mga tapat na manggagawa ang Banal na kasulatan:
- 4.3.1 Koronang panghabang panahon (1Cor.9:25).
- 4.3.2 Korona ng pagtatagumpay (2Tim.4:8).
- 4.3.3 Korona ng Buhay (Santiago 1:12).
- 4.3.4 Korona ng kaligayahan (1Tes.2:19).
- 4.3.5 Korona na kaluwalhatian (1Pt.5:4).

**5. Mga kwentong nagbahagi ng aral tungkol sa kahalagahan ng oras.** Ang Alibughang Anak (Lk. 15: 11-13), Samson at Delilah, Ang Mayamang Hangal (Lk. 12:16-19), at Ang Talinghaga Tungkol sa Puno ng Igos (Lk.13:6) ay mga kwentong nagpapakita ng naaksayang kabataan, kalakasan, yaman, at higit sa lahat ang oras na bigay sa kanila ng Diyos.

**Konklusyon:**
Hindi maaaring maghintay ang oras; kaya, dapat piliin natin ang pinakamabuting opsyon – dagdagan ang oras na inilalaan para sa Diyos. Maaaring nakaupo tayo at nagmumuni-muni sa mga yaman na hindi madala sa langit. Yayabong at mamumunga tayo ng mabuti sa piling ni Cristo. Matiyagang naghihintay ang Diyos sa atin dahil Siya ay matiyaga at tapat, kaya tumugon tayo nang maagap at may pasasalamat.

**Pagninilay:**
1.Ilang porsyento ng iyong oras ang inilalaan mo sa Diyos?
2. Ano ang mga dahilan kung bakit hindi natutugunan ng iba ang tawag ng Diyos?
3. Ano ang iyong mga paraan ng paglilingkod sa Diyos?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/
#EspiritwalNaPaglago; #BuhayKristyano; #PagigingDisipulo